

Layunin ng Survey atbp.

- Isinagawa ang survey upang matukoy nang wasto ang kalagayan ng mga dayuhang residente at mga isyu na kanilang kinakaharap sa propesyonal, pang-araw-araw, at panlipunang konteksto, at upang makatulong sa pagpapalano at pagbabalangkas ng mga hakbang para sa pagkakaisang pamumuhay hinggil sa mga dayuhan. Ito ang pang-apat na survey kasunod ng survey na isinagawa noong FY2022.
 - Sa Survey na ito, bukod sa pagsurvey sa mga dayuhang residente tungkol sa mga problemang naranasan nila nang kumonsulta sila tungkol sa mga problema sa kanilang pang-araw-araw na buhay, naisagawa ang isang bagong survey sa mga institusyong tumatanggap sa mga dayuhan (pagkatapos nito ay tinutukoy bilang “institusyong kinabibilangan atbp.”, at ang mga dayuhang kabilang o nakatala sa mga institusyong kinabibilangan atbp. ay tinutukoy bilang “dayuhang kabilang”) tungkol sa mga problema na naranasan nila sa pagsuporta sa mga dayuhan, habang nakatuon ang survey sa kanilang pagtugon sa kanilang mga dayuhang manggagawa na kumonsulta.
 - Idinaos ang “Pagpupulong ng mga dalubhasa tungkol sa pangunahing survey para sa mga dayuhang residente sa FY2023” upang maging mas kumpleto ang survey, at isinama ang kadalubhasaan, malalim na kabatiran at malawak na pananaw ng mga dalubhasang pamilyar sa mga hakbang para sa pagkakaisang pamumuhay hinggil sa mga dayuhan sa pagtukoy ng mga item ng pagsusuri, pagsasama-sama ng mga resulta ng survey atbp.
- ⇒ Gagamitin ang mga resulta ng survey para tumulong sa pagpapalano, pagbabalangkas at pagsasagawa ng mga hakbang para sa pagkakaisang pamumuhay hinggil sa mga dayuhan upang mapahusay ang **“Roadmap para sa pagsasakatuparan ng lipunang magkasamang mamuhay kasama ng mga dayuhan”** at **“Mga komprehensibong hakbang para sa pagtanggap at pagkakaisang pamumuhay kasama ng mga dayuhang manggagawa”** bilang bahagi ng mga pagsisikap ng pamahalaan upang makamit ang lipunang magkasamang mamuhay kasama ng mga dayuhan.

Pangkalahatang Ideya ng Survey
Dayuhang Residente

Target respondent ng survey	■ Kabuuang 20,000 na mid hanggang pangmatagalang redidente at espesyal na permanenteng residente na higit sa edad na 18 * Nililimitahan sa mga taong naninirahan sa bansa nang hindi bababa sa isang taon mula sa kanilang huling landing permit sa Agosto 15, 2023. * Ang mga respondente ay random na pinili nang isinasaisip ang sample size, ayon sa nasyonalidad/rehiyon at katayuan ng paninirahan, na natukoy sa pagsangguni sa istatistika ng mga dayuhang residente (sa katapusan ng Disyembre, 2022).
Bilang ng mga wastong tugon	■ Bilang ng mga kopyang ipinadala: 20,000 (410 ay hindi naihatid) ■ Bilang ng mga wastong tugon: 6,154 na may 31.4% na rate ng pagtugon
Paraan ng survey	■ Web-based na survey (isang liham na humiling ng kooperasyon at may kasamang 2D barcode ang ipinadala sa mga target na recipient, at hiniling sa kanila na i-scan ang QR code at tumugon sa online na talatanungan) ■ Suportado ang screen ng pagtugon sa walong wika (Japanese na may kana, English, Chinese, Korean, Portuguese, Vietnamese, Filipino, at Nepali).
Mga item ng survey	■ Sinisiyasat ang mga problemang nauugnay sa mga sumusunod na item, tulad ng mga problemang naranasan kapag ang mga dayuhang residente ay kumonsulta tungkol sa mga problema sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Tagapayo sa oras na may probleme, mga kahilingan tungkol sa tanggapan ng konsultasyon atbp., kahilingan tungkol sa taong tumatanggap ng konsultasyon, katayuan ng pagresolba sa problema sa pagkonsulta sa kapamilya, kamag-anak, kaibigan, kakilala o institusyong kinabibilangan, kung gusto mo sa institusyong kinabibilangan at iba pa na magkaroon ng isang taong magbibigay ng serbisyo sa konsultasyon, atbp. ■ Bilang karagdagan, itinanong ang kaparehong mga tanong ng nasa “2022 Community Life Survey (Cabinet Secretariat)” (Target ng survey: 20,000 indibidwal na may edad 16 pataas sa buong bansa) upang sukatin ang kasalukyang antas ng kalungkutan ng mga dayuhang residente sa Japan.

Pangunahing Survey para sa mga Dayuhang Residente sa FY2023

– Pangkalahatang ideya ng survey –



Institusyong kinabibilangan atbp.

Target respondent ng survey	■ Kabuuang 1,000 institusyon atbp. na tumatanggap sa mga dayuhan * Bukod sa institusyong direktang kumukuha ng dayuhang manggagawa, kabilang ang mga institusyong pang-edukasyon na tumatanggap ng mga internasyunal na mag-aral, organisasyong nangangasiwa, rehistradong institusyong pangsuporta, atbp. * Bukod sa mga korporasyon, kabilang ang mga indibidwal na may-ari ng negosyo. * Batay sa sample size ayon sa nasyonalidad/rehiyon at katayuan ng paninirahan, na natukoy sa pagsangguni sa istatistika ng mga dayuhang residente (sa katapusan ng Disyembre, 2022), ramdam na pinili ng ahensya ang mga dayuhang residenteng may impormasyon ng kanilang institusyong kinabibilangan atbp., at ginawang target ng survey ang mga institusyon kung saan kaakibat ang mga dayuhang residenteng iyon.
Bilang ng mga wastong tugon	■ Bilang ng mga kopyang ipinadala: 1,000 (22 ay hindi naihatid) ■ Bilang ng mga wastong tugon: 555 na may 56.7% na rate ng pagtugon
Paraan ng survey	■ Web-based na survey (isang liham na humiling ng kooperasyon at may kasamang 2D barcode ang ipinadala sa mga target na recipient, at hiniling sa kanila na i-scan ang QR code at tumugon sa online na talatanungan)
Mga item ng survey	■ Sinisiyasat ang mga problemang nauugnay sa mga sumusunod na item, tulad ng mga problemang naranasan nang tumanggap sa konsultasyon mula sa mga dayuhang kabilang. Dalas ng konsultasyon mula sa dayuhang kabilang, Nilalaman ng konsultasyon mula sa dayuhang kabilang, katayuan ng pagtugon sa konsultasyon mula sa dayuhang kabilang, Mga problemang naranasan sa patugon sa konsultasyon mula sa dayuhang kabilang, Paraan ng pagpapadala ng mga kahilingan tungkol sa mga konsultasyon mula sa mga dayuhang kabilang, Mga kinakailangan para sa pagtugon sa konsultasyon mula sa dayuhang kabilang, Intensiyon na lumahok sa pagsasanay sa pagpapayo at suporta para sa mga dayuhan, Mahalagang bagay sa pagsasanay sa konsultasyon/suporta sa mga dayuhan, Paglalagay ng tagapagbigay ng suporta sa mga dayuhang kabilang, Pagpapa-unlad ng tagapagbigay ng suporta, Mga bagay na gustong makita sa pagkuha ng tagapagbigay ng suporta, Muling pagsasanay ng tagapagbigay ng suporta, Pag-eemploy at pagkuha ng kwalipikasyon ng “support coordinator para sa mga dayuhan”, Opiniyon at kahilingan

Panahon ng survey at mga dapat tandaan

Panahon ng survey	■ Oktubre 2, 2023 – Oktubre 20, 2023
Mga puntong dapat tandaan	■ Bagama’t ang mga resulta ng survey na ito ay pinagsama-sama at naipost kung paano natanggap ang mga ito bilang tugon sa talatanungan, ang limitadong bilang ng mga tugon para sa ilang mga tanong ay nangangahulugan na kailangan ng pag-iingat sa pag-interpret ng mga ito. ■ Dahil ang mga numero ay ipinakita matapos niround-up/off, may mga pagkakataong hindi magiging 100% ang kabuuan ng mga porsiyento o hindi magkakatuig ang kabuuang numero sa graph at lead paragraph. ■ Para sa ilang mga katanungan, magkapareho ang mga item ng survey para sa dayuhang residente at ang mga item ng survey para sa mga institusyong kinabibilangan, at inilarawan ang ilang bahagi ng item ng survey sa graph na nagkumpara sa dalawa sa “Survey para sa institusyong kinabibilangan” sa materyal na ito ng buod ng resulta.


Survey para sa mga Dayuhang Residente

Pangunahing Survey para sa mga Dayuhang Residente sa FY2023


– Pangunahing resulta, Dayuhan (1) (Mga katangian ng respondente) –

- Ang karamihan ng nasonalidad/rehiyon ng mga respondente, ayon sa pagkakasunod-sunod, ay “China” (26.8%), “Vietnam” (16.9%), “Philippines” (10.8%).
- Ang karamihan ng katayuan ng paninirahan ng mga respondente, ayon sa pagkakasunod-sunod, ay “Permanenteng residente” (28.6%), “Enhinyero/Dalubhasa sa humanities/Internasyonal na serbisyo” (13.4%) at “Teknikal na Intern” (10.5%).
- Ang karamihan ng edad ng mga respondente, ayon sa pagkakasunod-sunod, ay “edad 20-29” (30.8%), “edad 30-39” (29.2%) at “edad 40-49” (19.2%).
- Ang karamihan ng kabuuang taon ng pananatili sa Japan ng mga respondente, ayon sa pagkakasunod-sunod, ay “3 taon pataas ngunit wala pang 10 taon” (37.9%), “10 taon pataas ngunit wala pang 20 taon” (19.1%) at “1 taon pataas ngunit wala pang 3 taon” (17.8%).


Nasyonalidad/Rehiyon




Edad




Katayuan ng Paninirahan



Kabuuang taon ng pananatili sa Japan







Kasarian



Pangunahing Survey para sa mga Dayuhang Residente sa FY2023
– Pangunahing resulta, Dayuhan (2) (Tagapayo atbp.) –



- Ang karamihan ng tagapayo pag may problema, ayon sa pagkakasunod-sunod, ay “Kapamilya, Kamag-anak” (92.0%), “Kaibigan o Kakilalang Hapon” (65.6%), “Kaibigan o Kakilalang hindi Hapon” (60.4%).
- Ang karamihan ng mga inaasahan sa mga tanggapan ng konsultasyon ay mga sagot sa item na nauugnay sa kaginhawaan tulad ng “Tumutugon sila sa aking sariling wika” (39.8%), “Malapit sa bahay na tinitirahan” (39.1%), “Madaling makakuha ng appointment sa konsultasyon” (36.3%).
- Tungkol sa mga bagay na inaasahan sa mga tagapayo, pinili ng karamihan ang “Kaalaman sa iba’t ibang sistema ng lipunan tulad ng mga buwis at pensiyon” (61.0%), na sinundan ng “Kaalaman sa sistema ng katayuan ng paninirahan” (49.3%), at “Kaalaman tungkol sa medikal na pangangalaga at kapakanan” (40.6%), na marami ang umaasa na mayroon silang kaalaman tungkol sa mga sistema.




Pangunahing Survey para sa mga Dayuhang Residente sa FY2023

- Pangunahing resulta, Dayuhan (3) (Kalagayan ng paglutas ng mga problema atbp.) -




- Tungkol sa kalagayan ng paglutas ng problema kapag kumonsulta sa kapamilya atbp. (kapamilya, kamag-anak, kaibigan, kakilala), 80.2% ang sumagot na nalulutas (“palaging nalulutas” + “madalas nalulutas”).
- Tungkol sa kalagayan ng paglutas ng problema kapag kumonsulta sa institusyong kinabibilangan atbp., 73.9% ang sumagot na nalulutas (“palaging nalulutas” + “madalas nalulutas”).
- Ang pinakakaraniwang dahilan ng hindi pagkonsulta sa institusyong kinabibilangan ay “Mahirap magkaintindihan nang wasto dahil sa problema sa wika” sa 15.3% na sinusundan ng “Mayroon akong isang tao sa labas ng institusyong kinabibilangan na maaari kong kumonsulta, tulad ng pamilya, mga kaibigan, o ang lokal na pamahalaan” (13.5%), na sinundan ng “Hindi ko alam kung sino ang kakausapin sa aking institusyon” (11.3%).
- Ang porsiyento ng mga respondente na hindi kailanman kumonsulta sa kanilang institusyong kinabibilangan ay tumataas habang tumataas ang kabuuang bilang ng mga taon ng kanilang pananatili sa Japan. Humigit-kumulang 80% ng mga dayuhan na nanirahan sa Japan nang wala pang 10 taon ay sumangguni sa kanilang institusyong kinabibilangan.



Porsiyento ng respndenteng sumagot ng “palaging nalulutas” kapag kumonsulta sa kapamilya atbp. (may asawa o wala)


Asawa	Porsiyento ng sumagot ng “palaging nalulutas”
Mayroon (Kapareho ng nasyonalidad)	30.9%
Mayroon (Hapon)	38.0%
Mayroon (Iba pang nasyonalidad)	26.9%
Wala pa	26.3%
Wala na (nadiborsyo, namatay)	34.7%






Porsiyento ng hindi pa nakakakonsulta sa institusyong kinabibilangan atbp. ayon sa tagal ng pananatili sa Japan

	Kabuuang tagal ng pananatili sa Japan	Porsiyento
Una	Mula ng kapanganakan	51.7%
Ika-2	Higit 30 taon	36.2%
Ika-3	20 taon pataas ngunit wala pang 30 taon	32.7%
Ika-4	10 taon pataas ngunit wala pang 20 taon	29.4%
Ika-5	3 taon pataas ngunit wala pang 10 taon	22.1%
Ika-6	Wala pang 3 taon	20.3%




Ang karamihan ng dayuhang bagong dating ay kumokonsulta sa kanilang institusyong kinabibilangan.



- Tungkol sa nilalaman ng konsultasyon ng mga problema kapag kumonsulta sa kapamilya atbp. (kapamilya, kamag-anak, kaibigan, kakilala), ganoon din sa pagkonsulta sa institusyong kinabibilangan, bumubuo ng karamihan ang “trabaho”, at mataas din ang porsiyento ng “buwis”. Matataas din ang porsiyento ng “relasyon”, “pinansyal” atbp. sa pagkonsulta sa kapamilya atbp., samantalang partikular na mataas ang porsiyento ng “katayuan ng paninirahan” sa pagkonsulta sa institusyong kinabibilangan.
- Ang karamihan ng mga problemang ikinonsulta sa kapamilya atbp. (kapamilya, kamag-anak, kaibigan, kakilala), ayon sa pagkakasunodsunod, ay “Hindi naipaparating ang kamalayan sa problema dahil sa pagkakaiba ng kultura at mga halaga” (23.7%), at “Mahirap magkaintindihan nang wasto dahil sa problema sa wika” (21.9%). Samantalang ang karamihan ng mga problemang ikinonsulta sa institusyong kinabibilangan, ayon sa pagkakasunod-sunod, ay “Mahirap magkaintindihan nang wasto dahil sa problema sa wika” (36.1%), at “Hindi naipaparating ang kamalayan sa problema dahil sa pagkakaiba ng kultura at mga halaga” (24.7%).



- Para sa tanong kung makabubuti kapag mayroong isang taong may kadalubhasaan na maaaring magbigay ng mga serbisyo sa konsultasyon para sa iyang mga problema sa institusyong kinabibilangan, 76.0% ang sumagot ng “oo, sa palagay ko” at “kung pipili ng isa, oo”, at 10.4% ang sumagot ng “hindi, sa palagay ko” at “kung pipili ng isa, hindi”.
- 7.9% ng respondente ay sumagot ng “madalas o palagi” na nakararamdam ng pag-iisa at tumaas ito nang 0.4% mula sa survey ng FY2022. Ang rate ng mga respondente na sumagot na “madalas o palagi” at “paminsan-minsan” ay parehong tumaas kumpara sa “2022 Community Life Survey” (Cabinet Secretariat) (Target ng survey: 20,000 indibidwal na may edad 16 pataas sa buong bansa).
- Bagama’t bumaba ang porsyento ng mga opinyon at kahilingan, atbp. para sa maraming opsyon mula noong 2022 survey, tumaas (tumaas nang 1.0 point) ang porsyento (56.7%) ng mga taong pumili ng “wika”, na siyang pinakamadalas na napiling opsyon.



Pangunahing Survey para sa mga Dayuhang Residente sa FY2023

–Mga opinyon, Kahilingan atbp., Dayuhan (1) Wika, diskriminasyon sa lahi atbp. –

- Sa survey na ito, inilagay ang mga tanong na sasagutin sa pamamagitan ng malayang pagsulat matapos piliin (maaaring pumili ng ilang) ang item mula sa mga mapipilian na kaugnay sa “wika”, “trabaho”, “pagbibigay ng impormasyon”, at iba pa sa tanong na “anong uri ng suporta, inisyatiba, at sistema ang kailangan para sa mga dayuhan upang mamuhay nang mas maayos sa Japan?”. Sumusunod ang mga opinyon at kahilingan ayon sa mga field. (Ang numero sa tabi ng bawat field sa ibaba ay ang bilang ng mga tao na pumili ng kaukulang item. Ang mga nilalaman ng malayang pagsulat ay kinuha mula sa 4,679 na sagot na hindi kasama ang “walang partikular”, “maraming salamat”, at iba pa. Inayos ang mga maliwanag na mali, kulang na titik, o mga impormasyong maaaring makilala ang indibidwal, at maaaring sinipi lamang ang ilang bahagi. Isinalin sa Japanese ang mga sagot sa ibang wika maliban sa Japanese.)

Tungkol sa wika (3,492)

- Tungkol sa suporta sa pag-aaral ng Japanese
 - Gusto ko ng libre, sistematiko, at maginhawang paraan upang matuto ng wika. Halimbawa, makakapag-aral sa gabi sa online o makakapag-aral sa araw na walang pasok. (40s, babae)
 - Nagkakaroon ang Japanese language class at binibigyan ako ng pagkakataong mag-aral, ngunit isa’t kalahating oras lamang sa isang linggo ang oras ng pag-aaral, kaya sana ay magkakaroon ng kapaligiran upang mag-aral ng Japanese araw-araw tulad ng pagpasok sa elementary o junior high school. (30s, babae)
 - Mas madaling malulutas ang mga problema kapag madaling maiintindihan kahit saan ang wika tulad ng sariling wika at makakapag-usap sa wika ng lugar na iyon. Dahil dito, kapag nagkakaroon ng klase na nagtuturo ng lokal na wika, batas at kultura sa mga lugar na malapit sa tinitirahan ng mga dayuhan, maaaring mas madaling matanggap ang mga dayuhan at maaari rin silang makapag-aral o makapagtrabaho nang mas maayos. (20s, babae)
- Tungkol sa suporta sa iba’t ibang wika
 - Una sa lahat, mayroong mataas na hadlang sa wika kapag naghahanap ng impormasyon. Kahit halos 20 taon na akong nakatira sa Japan, nahihirapan pa rin ako sa Kanji at kailangan pa rin ng tulong ng asawa ko sa pagbabasa at pagsulat. Mayroon akong Sertipiko ng N1, pero nahihirapan pa rin ako sa Kanji. Maging mas madali sana para sa mga dayuhan na kumpletuhin ang mga dokumento ng mga pamamaraan. (40s, babae)
 - Sa palagay ko ay malaking tulong kapag nagkakaroon ng interpreter sa mga institusyong gumagamit ng teknikal na mga salita, tulad ng mga ospital, tanggapan ng buwis, pensiyon, tanggapan ng social insurance, atbp. Makakatulong din ito upang masagot ang mga tanong at maiwasang magkaroon ng problema sa hinaharap. (30s, babae)
 - Sana ay may interpreter na nakalagay sa mga munisipiyong kahit sa Ingles man lang. Mahalaga ang Ingles para sa aming nahihirapan sa Japanese. Sana’y may interpreter na ilalagay sa mga serbisyong pampubliko tulad ng munisipiyong, Imigrasyon, tanggapan ng pensiyon, atbp. (40s, babae)
- Tungkol sa Simpleng Japanese
 - Sa palagay ko ay kailangang gamitin ang simpleng Japanese at magkaroon ng edukasyon tungkol sa multicultural na sama-samang pamumuhay. (20s, lalaki)

At iba pa

Tungkol sa diskriminasyon sa lahi, pantay-pantay na pagkakataon at paggalang sa indibidwal (2,687)

- Sa tingin ko ay mahihirapang lutasin ang isyung ito, ngunit nararamdaman ko na maraming paninirang-puri sa internet. Sa palagay ko ay hindi lamang ito para sa mga dayuhan, kundi kasama na rin ang diskriminasyon ng mga karaniwang Hapon sa mga mahihina. Sana’y magkaroon ng anumang patakaran laban sa paninirang-puri. (70s, lalaki)
- Halimbawa, pumunta sa mga convenience store at nakipag-usap tulad ng karaniwang pakikipag-usap ko sa mga kapamilya, minsan ay malamig ang pakikitungo sa akin, marahil ay dahil sa aking hitsura o pagsasalitang hindi tuwid. Ganoon pa man, hindi ibig sabihin na nagtatangi ang lahat. Marami ring nakikitungo nang mabait. (30s, babae)
- Hindi ko pa nararanasan ang diskriminasyon sa lahi, pero alam ko na may mga nakaranas nito. Kahit hindi naglalayong gumawa ng komentong may diskriminasyon sa lahi ang ilang mga hapon, maaaring hindi sinasadyang magsabi o gumawa ng mga bagay na nagpaparamdam sa mga dayuhan na sila’y hindi kasama dahil hindi lahat ay may kaalaman tungkol sa mga dayuhang bansa at mga dayuhan. Maaaring hindi mapayagang umutang o gumawa ng credit card ang mga dayuhan dahil sila ay dayuhan (Hindi ko pa naiisip na kailangan ang mga tulad nito, pero narinig sa mga kaibigan ko). Kung ang mga dayuhan ay nagnanais na manirahan sa Japan, kailangan nilang makatanggap ng mga serbisyong ito nang pantay-pantay. (20s, babae)
- Hindi malinaw na nauunawaan ng mga dayuhan ang panuntunan ng lihim na pagpayag ng mga Hapon, kaya nilalabag nila ang ganitong uri ng panuntunan kapag gumagawa ng isang bagay, na nagdudulot ng hindi kinakailangang diskriminasyon at nagdudulot ng maraming abala sa mga dayuhang naninirahan sa Japan. Gusto kong makakita ng mga card ng paalala na nagpapaliwanag sa mga panuntunang ito sa isang malinaw at magiliw na paraan sa ilang mga wika. (30s, babae)
- Sa tingin ko ay labis na nagdurusa kami dahil sa mga pagkakaiba sa kultura at pagkakaiba sa pananaw sa buhay. Alam namin na dapat naming igalang ang Japan at gawin ang aming makakaya upang umangkop. Gayunpaman, taos-puso akong umaasa na ang mga Hapon ay magsasaliksik din ng aming kultura at magsisikap na maunawaan kami. Hindi kaming lahat ay ganiyang kakila-kilabot na tao. May mga taong gumagawa ng mali. Alam din namin na mali iyon. Ngunit gusto ko sanang ituring ng mga Hapon na mabubuti kaming tao. Sana’y bibigyan kami ng pagkakatang ipakita na pumunta kami dito para magtrabaho nang maayos at maigi, magagalang din kami, mahilig kaming makipagkaibigan at tumanggap sa mga tao, wala kaming masamang balak kaninuman, sa halip ay napaka-kaakit-akit kami. (50s, babae)

At iba pa

Tungkol sa trabaho (3,270)

- ☐ Tungkol sa mga problema sa paghahanap ng trabaho
 - Sana ay patatagin pa lalo ang suporta sa paghahanap ng trabaho na iyon ang nagiging batayan ng katayuan ng paninirahan. (20s, babae)
 - Napakaraming nakatagong panuntunan sa Japan, at ito ay lalong mahirap kapag naghahanap ng trabaho. Nais kong makatanggap ng ilang suporta tungkol dito. (20s, babae)
 - Mahirap maghanap ng impormasyon tungkol sa mga trabaho na maaaring gumamit ng maraming wika at kasanayan. (20s, babae)
- ☐ Tungkol sa mga problema pagkatapos makapasok sa trabaho
 - Mahirap makisama sa lipunang Hapon kapag nagtatrabaho ako sa English at sinuspinde ng kumpanya ko ang mga Japanese lesson. Kailangan kong magtrabaho ng maraming overtime at napakahirap na pumasok sa paaralan ng wika. Sa tingin ko ay dapat na obligahin ang mga kumpanya na magbigay ng suporta sa wika para sa mga dayuhang empleyado. O, gusto kong tulungan ninyo akong masanay sa Japan sa pamamagitan ng mga community class at kaganapan sa komunidad. (30s, babae)
 - Ang mga kumpanya ay kailangang gumawa ng mga hakbang upang mas mahusay na suportahan ang mga dayuhan sa pagkuha ng mga lisensya sa pagmamaneho, mga lisensya sa operator ng makina, at iba't ibang mga lisensyang nauugnay sa trabaho. Nais kong maging patas din ang mga bonus sa suweldo sa mga dayuhan. Ang bawat institusyon ay dapat maghanda ng isang online na web page ng suporta kung saan makatanggap ang sinuman ng suporta at mabilis na malutas ang mga problemang kinakaharap nila sa oras ng pangangailangan. (20s, lalaki)

At iba pa

Tungkol sa pagbibigay ng impormasyon (2,127)

- ☐ Tungkol sa nilalaman ng impormasyon
 - Sa tingin ko ay lubos na makatutulong na magkaroon ng guidance mula sa simula, lalo na tungkol sa trabaho, batas ng Hapon, mga obligasyon at regulasyon sa pananalapi, atbp., bilang karagdagan sa isang ahensya ng konsultasyon. (30s, lalaki)
 - Maraming salamat sa survey na ito. Kailangan kong pag-isipan ang pagpapalaki ng mga bata mula ngayon, kaya sa tingin ko ay malaking tulong kung masusuportahan ninyo ako sa pagpapalaki ng aking mga anak at pagpapaaral sa aking mga anak! Dagdag pa dito, mas magiging kapaki-pakinabang kung ang mga sistema na medyo mahirap maunawaan, tulad ng mga buwis at pensiyon, ay nakalista sa isang mas maigsi na paraan at makikita mo sa isang tingin kung ano ang kailangan at kung ano ang maaaring gawin sa kasalukuyang sitwasyon! (30s, babae)
 - Nais naming ipakalat ang impormasyon para sa mga sambahayan ng senior citizen sa Japan na nais pa ring maging aktibo sa kanilang mga gawain at aktibidad sa kaganapan. (70s, babae)
 - Sa tingin ko, magiging maganda kung sa malapit na hinaharap, kapag ang isang dayuhan ay dumating sa Japan, maaari siyang lumahok sa isang maikling klase ng pagsasanay sa tema ng “Kultura at paraan ng pamumuhay ng Hapon” sa lugar kung saan siya naninirahan. Ang mga Hapon ay nagsasalita nang napakalabo at hindi direktang sinasabi ang gusto nila. Kaya hindi lubos na nauunawaan ng mga dayuhan kung ano ang gusto ng mga Hapon at kung minsan ay nagkakaroong ng hindi pagkakaunawaan. Ito ay totoo lalo na para sa mga taong hindi magaling sa Japanese. (20s, lalaki)
- ☐ Tungkol sa paraan ng paghahatid ng impormasyon
 - Maraming website ng pamahalaan ang may mahusay na impormasyon, ngunit maaaring mahirap i-navigate dahil sa hindi magandang disenyo at madalas na paggamit ng “legal na terminolohiya”. (30s, lalaki)
 - Mayroong iba't ibang mga nagbibigay ng impormasyon (mga counter at website), na hindi naman ito ang problema, ngunit sa palagay ko ay mas mabuti kung mayroong komprehensibong patnubay (halimbawa, kung aling mga pamamaraan ang dapat gawin sa tanggapan ng Imigrasyon at kung aling mga pamamaraan ang dapat gawin sa opisina ng Ward). (20s, babae)
 - Nais kong magsikap kayo upang ipaalam sa maraming dayuhan hangga't maaari na ang mga tanggapan ng konsultasyon para sa mga dayuhan ay naitatag sa iba't ibang lugar! (30s, babae)
 - Dapat magkaroon ng pagpupulong ng pagpapalitan ng impormasyon sa pagitan ng Munisipyo at ng mga dayuhan. (30s lalaki)

At iba pa

Tungkol sa katayuan ng paninirahan (2,403)

- Mahalagang malinaw na ituro ang mga bagay ng hindi pasado sa panahon ng pagsusuri ng katayuan ng paninirahan. (40s, lalaki)
- Magiging maganda kung mayroong suporta para sa proseso ng pagkuha ng katayuan ng paninirahan at paghahanda ng mga kinakailangang dokumento. (30s, lalaki)
- Sa tingin ko, magandang ideya na gawing mas madali ang aplikasyon para sa katayuan ng permanenteng residente sa Japan. Sa palagay ko, madaragdagan nito ang motibasyon ng mga dayuhang naninirahan sa Japan na magsikap sa Japan. (20s, lalaki)
- Halimbawa, kapag naghahanap ako ng trabaho, hindi ko alam kung anong uri ng trabaho para makakuha ako ng visa. Maaaring ako lang, pero parang kailangan ko ng mas detalyadong impormasyon. Sa tingin ko, makabubuti kung mayroong impormasyon sa web, Hello Work, o mga site ng pag-post ng trabaho na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga trabahong nagbibigay ng visa, at isang detalyadong buod ng mga trabaho kung saan maaaring makakuha ng visa ang mga dayuhan. Humihingi ako ng paumanhin kung naibibigay na ang ganitong impormasyon. (30s, lalaki)

At iba pa



Tungkol sa edukasyon (1,593)

- Mayroong maraming mga kaso kung saan ang mga bata na dinala mula sa kanilang sariling mga bansa sa kanilang murang edad ay nagiging hindi lubos na mahusay sa parehong wikang Hapon at kanilang sariling wika, hindi maaaring kabilang sa magkabilang panig, hindi lubos na maitatag ang kanilang pagkakakilanlan, at nagiging malungkot. Sa tingin ko, kailangang magkaroon ng naaangkop na patakaran na nagpapahintulot sa mga mag-aaral na matuto hindi lamang ng wikang Hapon kundi pati na rin ang kanilang sariling wika sa parehong oras sa mga institusyong pang-edukasyon. (30s, lalaki)
- Mula elementarya hanggang unibersidad, ikalulugod namin kung mabibigyan ninyo kami ng impormasyon tungkol sa pagpili ng paaralan, antas ng kahirapan sa pagsusulit, atbp. (30s, lalaki)
- Sa tingin ko, makabubuti kung mayroong karagdagang kasanayan sa wikang Hapon para sa mga batang may dayuhang magulang. Naniniwala ako na ang mga bata na ang mga magulang ay hindi native ay may posibilidad na magkaroon ng mas mahinang pagganap sa Hapon. Sa palagay ko, makabubuti kung mayroong edukasyon sa pagbabasa, pagpapayo, at edukasyon upang matulungan ang pangalawang henerasyong mga mag-aaral ng wikang Hapon. (50s, babae)

At iba pa

Tungkol sa tirahan (1,906)

- Noong nagpalit ako ng trabaho at naghahanap ng bagong apartment, sinabihan ako ng maraming may-ari ng bahay at kumpanya ng real estate na hindi sila makikipagnegosyo sa mga dayuhan (kahit na mahusay akong magsalita ng Hapon). Alam ko na wala akong magagawa sa sitwasyong ito, dahil depende ito sa bawat indibidwal na kumpanya at tao. Ang paghahanap ng abot-kayang pabahay bilang isang dayuhan ay mas mahirap kaysa sa inaasahan ko. (20s, babae)
- Pagkaalis ng kaibigan ko sa inuupahang bahay, tila hiniling sa kanya na mangolekta ng hindi makatwirang halaga ng security deposit. Noong nakaraang taon, noong bagong dating pa ako sa Japan, hindi ko masyadong alam ang proseso ng pag-upa ng bahay, kaya may pagkakataong nalilito ako. Sa tingin ko, magiging maganda kung mayroong gabay na may kondiderasyon sa mga dayuhan sa pagpapauya ng pabahay na kasama ang proseso mula sa paghahanap ng pabahay hanggang sa paglipat. (20s, babae)

At iba pa

Tungkol sa pagsalamuha (1,527)

- Tungkol sa pagsalamuha sa pagitan ng mga Hapon at mga dayuhan
 - Maganda kung mayroong isang sistema na magpapadali para sa mga tao na makipag-ugnayan sa mga Hapon, hindi lamang noong sila ay mga kabataang mag-aaral, kundi kahit pagkatapos ng kanilang 30s. (30s, lalaki)
 - Palaging may mga lokal na pagdiriwang, sayaw, at mga espesyal na kaganapan, ngunit nalalaman ko lamang ang tungkol dito pag tapos na. Gusto kong malaman kung ano ang ginagawa sa aking komunidad. Kung sa gayon, puwede kong makilahok. Mahirap ding sumali sa mga club ng mga taong may kaparehong kaisipan. Inabot ako ng higit pang 3 taon upang makahanap ako ng koro sa aking lungsod na maaari kong salihan. Nais ng mga dayuhan na makisalamuha sa komunidad. Ngunit hindi namin alam kung paano gawin iyon. (40s, babae)
 - Kung maaari, gusto kong lumikha kayo ng isang organisasyon o grupo sa naninirahan kong lugar kung saan maaaring magtulungan at makipag-ugnayan ang mga dayuhan at Japanese na gusto ng mga dayuhan (kabilang ang mga banyagang wika, kultura, kaugalian, at paraan ng pagsasalita). Limang taon na akong naninirahan sa Japan, ngunit bukod sa hindi ako nakakapag-aral ng Japanese sa sistematikong paraan, abala rin ako sa gawaing bahay at wala akong oras para mag-aral akong mag-isa para pagbutihin ang aking kasanayan sa wikang Hapon. Sa kasalukuyan, nakakapag-usap lang ako sa pang-araw-araw na buhay at nakakabasa ng humigit-kumulang 50-60% ng mga dokumentong Hapon na ipinadala ng paaralan ng aking anak. Nagtatrabaho ako sa isang convenience store, ngunit hindi pa rin masyadong mahusay ang aking mga kasanayan sa pakikinig. Dahil dito, noon pa man ay nais kong makasali sa mga kaganapan sa pagsalamuha sa pagitan ng mga Hapon at mga dayuhan. Gusto kong makipag-usap at makipag-ugnayan sa mga Hapon upang magkaroon ng higit na kumpiyansa sa aking komunikasyon. Ako mismo ay may napaka-open-minded na personalidad at mahilig makipag-usap, ngunit nahihirapan akong makipag-usap sa mga Hapon dahil nag-aalala ako na pupunahin nila ang mahina kong kasanayan sa pakikipag-usap at iisipin nila na ayaw nilang makipag-usap sa akin. Minsan lumalabas ako sa isang grupo ng apat na magkakaibigan, kabilang ang tatlong hapon. Natutuwa ako dahil lagi nila akong isinasama sa laro, pero minsan ang mga Hapon ay napakabilis magsalita sa wikang Hapon sa paraan ng pakikipag-usap ng mga Hapon sa isa't isa, kaya nahihirapan akong intindihin at sundin ang kanilang sinasabi, at kung minsan ay sinisikap kong pakinggan ang kaya kong pakinggan pero hindi ako makakapagsalita. Sa oras na iyon, nakaramdam ako ng labis na kalungkutan at kahihiyan, at hinihiling ko na sana ay mabilis na lumipas ang oras ng pag-uusap para hindi ako malungkot. Mayroon akong mayumi at mabait na kaibigang Hapon sa trabaho, at gusto ko siyang makausap ng marami, ngunit wala akong lakas ng loob na kausapin siya dahil nag-aalala ako na hindi niya maintindihan ang paraan ng pagsasalita ko. Gusto ko talaga ng isang lugar kung saan lahat ay maaaring magsaya at makipag-ugnayan sa isa't isa, saan man sila nanggaling, nang walang diskriminasyon sa lahi! (20s, babae)
 - Ang pinakamalaking kahirapan na nakikita ko ay ang pag-access sa impormasyon na makakatulong sa mga dayuhan na makisama sa lipunan. Mahirap ma-access ang impormasyon, lalo na sa impormal na antas ng komunidad (mga aktibidad sa asosasyon ng mga kapitbahayan, mga pagdiriwang, mga pakikipag-ugnayan sa mga kapitbahay, atbp.). Dahil dito, nakatira lang ako sa loob ng dayuhang komunidad. Kahit na ang aking mga anak na lalaki na lumaki dito ay hindi nararamdaman na sila ay bahagi ng lipunan ng Hapon. Umaasa ako na ang krisis sa populasyon na kasalukuyang kinakaharap ng Japan ay magdulot ng isang positibong pagbabago sa paraan ng pag-iisip ng mga Hapon, at ang mga dayuhan ay unti-unting tatanggapin sa lipunan. (60s, babae)
- Tungkol sa pagsalamuha ng mga kababayan
 - Gusto kong malaman kung ilang tao mula sa aking sariling bansa ang nasa bawat rehiyon. Gusto kong malaman ang tungkol sa komunidad ng aking sariling bansa. (30s, babae)

At iba pa

Tungkol sa konsultasyon (1,495)

- Ito ay isang paraan ng pagdidirekta sa isang tao sa naaangkop na consultation center o mekanismo kapag mayroon silang ilang problema na kailangang lutasin. Kadalasan, tumatagal lang ang oras para pumunta ang mga tao mula sa isang departamento patungo sa isa pa habang mananatiling hindi nagkaroon ng malalim na pag-unawa sa kanilang mga problemang dapat lutasin. Ang eksperto na unang kumunsulta ay dapat magbigay ng naaangkop na tulong sa mga nangangailangan. Isa pa, dahil maraming gawaing isinusulat sa Japan, nag-aalangan ang mga tao na humingi ng tulong. Ito ay totoo lalo na para sa mga taong walang sapat na tiwala sa kanilang pagsasalita. (30s, babae)
- Kailangan kong may nagsasama o pagsuporta ng isang institusyong medikal, at kailangan ko ng pampublikong institusyon na maaaring magbigay ng payo sa aking sariling wika (madalas na binibigyan ka ng mga kakilala at kaibigan ng maling impormasyon. (40s, lalaki)
- Magiging mahusay kung mayroong isang organisasyon na pinagsasama-sama ang mga taong may espesyal na kaalaman sa iba't ibang larangan, at ang mga dayuhan ay maaaring humingi ng pagpapayo at suporta kapag sila ay nagkakaroon ng problema sa isang partikular na larangan. (40s babae)
- Ang mga problema ay kadalasang nangyayari kapag nagtatrabaho para sa isang mapagsamantalang kumpanya, kaya sa tingin ko maraming tao ang matutulungan kung mayroong isang tanggapan ng konsultasyon o isang panahon ng pagpapaluwag sa visa. (40s, lalaki)
- Pagdating sa suporta para sa mga dayuhan (lalo na sa mga konsultasyon), nais kong turuan mula sa simula na may kamalayan na ang kinakausap ninyo ay isang dayuhan. Kahit na bait para sa mga Hapon ang isang bagay, maaaring hindi alam ng mga dayuhan ang tungkol dito. (20s, babae)
- Minsan mahirap i-access ang impormasyon at suporta sa aking sariling wika. At ang problema ay partikular na partikular sa aking sitwasyon na hindi ko mahanap ito sa online o parang hindi ko alam kung sino ang tatanungin. (30s, babae)
- Gusto ko ring makatanggap ng higit pang suporta sa mga tuntunin ng suportang pinansyal, tulad ng mga tanong tungkol sa visa, buwis, at kung saan maghahanap ng trabaho bilang dayuhan. Interesado din ako sa suporta sa mental health at kung paano lampasan ang kalungkutan kapag nasa ibang bansa ka. (20s, babae)

At iba pa

Tungkol sa medikal na pangangalaga (1,987)

- Noong nagpunta ako sa isang institusyong medikal, nahirapan ako na hindi ko naipaliwanag ang aking mga sintomas at hindi makakuha ng reseta na angkop para sa aking sakit, kaya gusto kong pagandahin pa ninyo ang suporta para doon. (20s, lalaki)
- Kasalukuyan akong buntis, ngunit nais kong turuan nang malinaw upang maunawaan ko ang iba't ibang bagay sa aking sarili kapag pumunta ako sa ospital at magpasuri. (30s, babae)
- Gusto ko pang malaman ang tungkol sa sistema ng subsidy para sa mga sakit na walang lunas. (20s, lalaki)
- Sa aking kaso, mahirap magpadoktor. Nahihirapan akong ipahayag ang aking sakit at nahihirapan din akong intindihin ang sinasabi ng aking doktor. Dahil sa hadlang sa pagsasalita, hindi ko alam kung ayos lang ako kahit pagkatapos ng pagsusuri ng doktor. (50s, babae)

At iba pa

Tungkol sa buwis (2,196)

- Para sa mga unang beses pumunta sa Japan, mahirap maunawaan kung paano magdeklara ng kita at buwis sa katapusan ng taon. (20s, lalaki)
- Kumplikado at mahirap ang katayuan ng paninirahan at sistema ng buwis. Lumipat ako mula Nagoya patungong Osaka noong Marso dahil sa paglilipat ng trabaho, ngunit dahil hindi ko lubos na nauunawaan ang mga pamamaraan, hindi ko na-update ang aking katayuan ng paninirahan o nakumpleto kaagad ang mga pamamaraan ng buwis sa Munisipyo, kaya nag-aalala ako na baka makaapekto ito sa aking hinaharap na aplikasyon para sa permanenteng paninirahan. Nakakatulong kung bibigyan ako ng check list katulad ng pagdaan ng proseso sa Munisipyo para sa pag-lipat sa ibang munisipalidad. (30s, babae)
- Kung babalik ka sa iyong sariling bansa nang higit sa isang taon, dapat kang mag-ulat sa iyong lokal na pamahalaan upang maiwasan ang pagbabayad ng buwis sa residente para sa taong iyon. Nang umuwi ako sa Vietnam, nanganak, at bumalik sa Japan, kailangan kong magbayad ng buwis para sa mga taon na hindi ako nakatira sa prefecture. (20s, babae)

At iba pa

Tungkol sa pensiyaon (1,749)

- Gusto ko sanang makita na may pakikipagtulungan sa sistema ng buwis ng sarili kong bansa. (40s, lalaki)
- Mayroon ding mga pagkakaiba sa mga pagpapahalaga at kultura, kaya kung ituturo mo sa kanila ang ilan sa “mga patakaran para sa paninirahan sa Japan”, sa palagay ko ay mas mababa ang posibilidad na magdulot sila ng gulo sa iba. Sa tingin ko rin ay kailangang ipaliwanag kung paano gumagana ang mga buwis at pensiyaon. Nag-aral ako sa Japan, kaya nakakaintindi ako ng Japanese, kaya ako mismo ang nag-saliksik ng impormasyon, pero karamihan sa mga tao ay nakakaintindi lang ng Japanese na ginagamit nila sa pang-araw-araw nilang buhay, kaya sa palagay ko ay hindi nila naiintindihan ang tungkol sa “istraktura ng mga pensiyaon”, “mga uri ng buwis”, “buwis sa kita”, atbp. Sa tingin ko ay may mga dayuhan na napipilitang magtrabaho nang hindi patas dahil hindi nila naiintindihan ang mga bagay na ito. Gayundin, maraming mga lugar sa mga lungsod kung saan maaari kang sumangguni sa Ingles sa Munisipyo, ngunit sa mga rural na lugar, may mga lugar kung saan ito ay hindi posible, na isang problema para sa ilang mga dayuhan. Umaasa ako na magkakaroon ng higit pang mga kapaligiran kung saan ang mga Hapon at dayuhan ay maaaring gumalang at tumulong sa isa't isa. (20s, babae)

At iba pa

Tungkol sa paglahok sa politika (514)

- Bilang isang taong naninirahan sa Japan sa mahabang panahon, naniniwala ako na ang mga dayuhan ay maaaring gumawa ng mga nakatutulong na kontribusyon sa mga isyu sa pulitika. Ang dahilan ay may iba't ibang kultura ang mga dayuhan at nakikita nila ang mga bagay mula sa iba't ibang pananaw. Ang talakayan mula sa iba't ibang anggulo ay mahalaga upang makahanap ng angkop na solusyon. (60s, babae)
- Hindi ka dapat makisali sa pulitika ng Hapon bilang isang dayuhan, ngunit ang kasalukuyang patakaran ng gobyerno ng Hapon ay ipaubaya ang lahat sa mga taong nakapaligid sa mga dayuhan na “nakakaalam na” upang makipag-usap sila sa isa't isa, at parang hindi pa nila akitibong hinahanap sa kanilang sarili ang paraan ng komunikasyon. Iniisip ko na marahil ang kaunting antas ng paglahok sa pulitika ng pinakamababang bilang ng mga dayuhang mamamayan na may pangmatagalang katayuan sa paninirahan ay maaaring makapukaw ng interes ng mga ahensya ng gobyerno sa mga dayuhang naninirahan sa Japan, sa gayon ay tinitiyak ang pagkuha ng tumpak na impormasyon. (30s, lalaki)
- Sa ngayon, wala akong partikular na kawalan at wala akong maisip na anumang partikular na opinyon. Gayunpaman, kahit na ako ay may katayuang permanenteng residente, ang aking nasyonalidad ay nananatiling Filipino, kaya wala akong karapatang bumoto, at minsan ay nararamdaman ko na hindi ako kasama sa mga aktibidad na nauugnay dito. Ako mismo ay nakatira sa Japan mula noong ako ay bata, at ipinagmamalaki ko ang pagiging halos Hapon, ngunit sa palagay ko ay dahil wala akong karapatang bumoto, nabawasan ang interes ko sa pulitika. (20s, babae)

At iba pa

Tungkol sa insurance (1,589)

- Halimbawa, gusto ko ng higit pang impormasyon tungkol sa unemployment insurance. Sa totoo lang, hindi ko alam kung paano ito gumagana. (50s, babae)
- Sa tingin ko, kailangang ipaliwanag tungkol sa insurance gaya ng medical insurance, insurance sa sasakyan at mga sistema ng pensiyon. (30s, babae)
- May mga tanggapan ng gobyerno na nagbibigay sa mga dayuhan ng mga hakbang upang tulungan silang mamuhay ng mas magandang buhay sa Japan, ngunit sa palagay ko ay hindi mas maagap ang mga tanggapan ng gobyerno na ito sa pakikipag-ugnayan. Halimbawa, kapag mayroon kaming kailangang gawin sa mga isyu sa buwis, pensiyon o insurance, hindi namin talaga alam kung saan pupunta. At kahit na nakakakuha kami ng tulong sa Ingles, kung minsan ang tulong na iyon ay hindi naaangkop. (60s, babae)

At iba pa

Tungkol sa bank account, credit card, pagpopondo (1,587)

- Noong una akong dumating sa Japan, ang pinakamahalagang bagay para sa akin ay ang pagkuha ng cell phone, apartment, at bank account. Ang mga bangko ay hindi magbubukas ng account nang walang address. Hindi uupahan ang mga apartment sa sinumang walang bank account at numero ng telepono. Ang mga kumpanya ng telepono ay hindi magbebenta ng mga cell phone sa mga taong walang bank account. Ang problema ko ngayon ay upang magsimula ako ng pamilya, naghahanap ako ng bangko na makakatulong sa akin na makakuha ng mortgage loan para makabili ng bahay para sa aming mag-asawa. (30s, lalaki)
- Ang aking ina ay isa ring permanenteng residente na naninirahan sa Japan nang higit sa 10 taon. Gumawa ako ng appointment para magbukas ng savings bank account sa isang partikular na mega bank, ngunit ang isang kinatawan ng bangko ay tumawas sa akin sa telepono, at tinanggihan ako sa pagsasabi niya na “Marunong ka bang gumamit ng touch panel? Kung hindi mo magagamit ang touch panel, hindi namin mabubuksan”. Kahit ang mismong tao ay hindi marunong magsalita ng Japanese o makagamit ng touch panel, ako, na marunong magsalita ng Japanese, ay naroroon upang magsalin at magturo sa kanya kung paano gamitin ang screen, ngunit siya ay tinanggihan sa parehong dahilan. Nakaramdam ako ng labis na diskriminasyon kaya gusto kong magsulat ng liham sa opisina ng gobyerno at sa Ministri ng Katarungan para magreklamo. Magiging mas madali siguro ang buhay kung maaari kang maging flexible. Nais kong tratuhin nila nang pantay-pantay nang hindi nakatali sa mga nakatanim na kaisipan. (30s, babae)
- Ang mahabang pangalan ay nagdudulot ng problema tulad ng hindi makapagpagawa ng credit card o bank account dahil sa sobrang habang pangalan, sana ay may magagawa dito. (20s, lalaki)

At iba pa

Tungkol sa sakuna (752)

- Ang mga asosasyon ng kapitbahayan ay walang sapat na mga sistema upang tanggapin ang mga dayuhang residente sa kanilang mga aktibidad sa pag-iwas sa sakuna. (60s, babae)
- Ang aking bahay ay may sistema ng anunsyo at kung minsan ay tumutunog ang sirena. Hindi ko maintindihan ang mensahe o ang mga salitang “Emerhensyang anunsyo” lang ang nakikita sa screen. Nakakatakot talaga ito. Kaya sa tingin ko, mainam na magkaroon ng larawan o website na may iba't ibang sirena o anunsyo. Matututo ako sa paraang iyon. Nakakatulong ang Safety Tip na app. Pero may isang pagkakataon noon na tumunog ang sirena noong ala una ng umaga bilang babala sa isang sunog at wala akong ideya kung ano ang nangyayari. (20s, babae)
- Dahil maraming mga dayuhan ang bihirang manood ng balita, o kahit na nanood man sila, maaaring hindi nila lubos na nauunawaan ang nilalaman, kaya kapag ang nangyari ang isang natural na sakuna tulad ng tsunami o pagsabog ng bulkan at may inilabas na babala, mangyaring gawin ito na may idinagdag na aming sariling salita. (20s, babae)

At iba pa



Tungkol sa pangangalaga ng bata (1,205)

- ☐ Tungkol sa pagbibigay ng impormasyon
 - Hindi ako nakakabasa ng sulat galing sa paaralan ng anak ko, at nakadipende lang ako sa aking asawa. (40s, babae)
 - Mahirap makakuha ang mga dayuhan ng impormasyon ng pangangalaga ng anak at trabaho. Sa mga Hapon, may network ng impormasyon ang mga magkakaibigang nanay at iba pa. (40s, babae)
 - Dahil nag-aral ako sa Japan mula sa unibersidad, wala akong gaanong pag-unawa sa edukasyon sa elementarya ng Hapon, kaya gusto kong makatanggap ng suporta para sa edukasyon ng aking anak. (40s, lalaki)
- ☐ Tungkol sa mga problema sa pangangalaga ng anak
 - Ang mga tanggapan ng konsultasyon para sa edukasyon, pangangalaga ng anak, pagbubuntis, at postpartum depression ay sa wikang Japanese lamang, kaya pakiramdam ko ay hindi ko lubos na maipahayag ang aking nararamdaman o kung ano ang gusto kong pag-usapan, at wala akong lugar na mapupuntahan para humingi ng tulong. (30s, babae)

At iba pa

Tungkol sa kamatayan (Pagkuha ng libingan atbp.) (500)

- Gusto ko ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga libingan at paglalamay. (20s, babae)
- Sa kasalukuyan, ang bilang ng mga dayuhan na bumibili ng mga bahay sa Japan ay unti-unting tumataas, ngunit pagdating sa pagmamana, kailangan nilang bumalik sa kanilang sariling bansa upang mangolekta ng napakaraming mga dokumento, na hindi ito makatao at kailangang pagbutihin. (40s, lalaki)
- Kung sakaling mamatay sa Japan dahil sa natural na sakuna o aksidente sa trabaho, sa palagay ko ay kailangan ng suporta sa paglilipat ng bangkay sa Vietnam. (20s, babae)

At iba pa

Iba pa (550)

- ☐ Tungkol sa kalungkutan, paghihiwalay, at mental health
 - Para sa isang dayuhang tulad ko, ang Japan ay talagang komportable, ngunit madalas akong nalulungkot dahil wala akong sapat na kaalaman sa wika at wala akong masyadong koneksyon sa mga Hapon. (20s, babae)
 - Hindi madali bilang isang dayuhan na humingi ng tulong. Napapansin lang na may mali matapos lumala na ang mental health. Kahit may mali, mahirap na sabihin ito sa ibang tao at humingi ng tulong. (40s, babae)
 - Sa tingin ko ay kailangan ko ng suporta sa aking mental health. Dahil labis akong nababalisa sa aking kinabukasan. (20s, babae)
- ☐ Tungkol sa naturalisasyon
 - Gusto kong madaling makakuha ng Japanese citizenship ang mga tulad ko na matagal nang naninirahan sa Japan. Hindi ko na maisip na titira ako sa ibang bansa maliban sa Japan, kaya nakakaabala ang mga bagay tulad ng pag-apply ng passport mula sa sarili kong bansa. Ako ay nanirahan sa Japan sa mahabang panahon, at ang aking paraan ng pag-iisip at pamumuhay ay hindi naiiba sa mga Hapon. Naisip ko na magiging mahusay kung mayroong isang sistema na magbibigay-daan sa mga naturang dayuhan na madaling maging naturalisadong mamamayan ng Japan. (30s, babae)
- ☐ Tungkol sa relihiyon
 - Muslim ako. Kailangang naming magsuot sa aming ulo ng hijab sa Islam. Ngunit ang ilang mga pinagtatrabahuhan ay hindi nagpapahintulot sa amin na magsuot ng hijab. Napakahirap nito. (20s, babae)
 - Matutuwa ako kapag may malapit na tindahan ng mga pagkaing halal. (20s, lalaki)
- ☐ Tungkol sa same-sex marriage
 - Pagkapantay-pantay sa same-sex marriage. Pinakasalan ko ang aking asawang Hapon sa embahada sa Tokyo sa ilalim ng mga batas ng aking sariling bansa. Nag-aalala ako na hindi siya makikilala ng Japanese tax system bilang asawa ko. Sa madaling salita, kung magbabahagi ako ng pera sa aking asawa, sasailalim ba ako sa buwis sa regalo? Kung mamatay ako, kailangang ibenta ng asawa ko ang bahay namin (nakarehistro ako bilang may-ari) at dahil hindi ko siya legal na asawa sa ilalim ng batas ng Hapon, Magbabayad ba ang asawa ko ng malaking halaga ng buwis sa pagmamana? Ito ay isang malaking pag-aalala at sa tingin ko ito ay hindi patas. (50s, lalaki)
- ☐ Tungkol sa ibang mga isyu sa pamumuhay
 - Sa kasalukuyan, ang mga dayuhang manggagawa ay nahaharap sa maraming kahirapan dahil sa tumataas na presyo ng mga bilhin at mahinang yen, kaya umaasa kaming isasaalang-alang ng gobyerno ng Japan ang isyung ito. Maraming salamat. (20s, lalaki)
 - Mababa ang aking kakayahan sa Japanese, kaya kapag nagtatapon ako ng malalaking basura, hindi ako makapag-apply sa computer, at kapag nag-apply ako sa telepono, minsan hindi ako makapagsalita nang malinaw, iyan ang medyo problema. (60s, lalaki)
 - Maganda kung marami pang mga parangal na pararangalan ang mga kontribusyon at tagumpay ng mga dayuhan sa Japan. (20s, lalaki)

At iba pa


Survey para sa mga
Institusyong kinabibilangan atbp.

Pangunahing Survey para sa mga Dayuhang Residente sa FY2023


– Pangunahing resulta, Institusyong kinabibilangan (1) (Mga katangian ng respondente) –

- Ang karamihan ng industriya (batay sa Japan Standard Industrial Classification) ng mga respondente, ayon sa pagkakasunod-sunod, ay “Industriya ng edukasyon at suporta sa pag-aaral” (34.6%), “Industriya ng pagmamanupaktura” (16.8%) at “Industriya ng serbisyo (hindi inuuri sa iba)” (10.1%).
- Ang karamihan ng katayuan ng paninirahan ng kanilang dayuhang kabilang, ayon sa pagkakasunod-sunod, ay “Enhinyero/Dalubhasa sa humanities/Internasyonal na serbisyo” (49.0%), “Teknikal na Intern” (35.9%) at “Estudyante” (33.5%).
- Ang karamihan ng bilang ng dayuhang kabilang, ayon sa pagkakasunod-sunod, ay “1-10 katao” (30.5%), “101-500 katao” (28.3%), at “11-50 katao” (18.0%).
- 93.3% ng mga respondente ay nagsabi ng “Mayroon” silang pagtugon na ginagawa sa pagkonsulta mula sa mga dayuhang kabilang nila sa kahit papaanong paraan, samantalang 5.2% ng mga institusyong kinabibilabgan ang sumagot ng “Wala”.


Industriya




Pag-uuri




Katayuan ng paninirahan ng mga dayuhang kabilang






Bilang ng dayuhang kabilang






Pagtugon sa konsultasyon mula sa mga dayuhang kabilang



- Ang karamihang ng nilalaman ng ikinonsulta ng mga dayuhang kabilang, ayon sa pagkakasunod-sunod, ay “Trabaho (mga kondisyon ng pagtatrabaho, pagtatrabaho, paglilipat ng trabaho, atbp.)” (61.0%), “Katayuan ng paninirahan” (52.4%), “Pag-aaral ng wikang Hapon” (42.4%). Magkapareho ang mga nasa unang place sa resulta ng mga nilalaman ng ikinonsulta sa mga institusyong kinabibilangan at sa resulta ng survey sa mga dayuhang residente, ngunit nag-iiba ang pagkakasunodsunod mula sa pangalawang place pababa.
- Tungkol sa dalas ng mga konsultasyon mula sa mga dayuhang kabilang, ang pinakakaraniwang tugon ay "higit sa isang beses sa isang linggo" (30.2%), na sinusundan ng "higit sa isang beses sa isang buwan (mas mababa sa isang beses sa isang linggo)" sa 28.0%, at "mas mababa sa isang beses bawat anim na buwan" sa 13.9%.
- Kung titingnan ang dalas ng mga konsultasyon mula sa mga dayuhang kabilang ayon sa bilang ng mga dayuhang kabilang, humigit-kumulang isang-kapat (23.0%) ang tumatanggap ng mga konsultasyon minsan sa isang buwan o higit pa, kahit na sa mga institusyong kinabibilangan na hindi malaki ang bilang ng mga dayuhang kabilang (1 hanggang 10), at humigit-kumulang tatlong-kaapat (74.0%) ng respondente ay nakatatanggap ng konsultasyon mula sa mga dayuhang kabilang paminsan-minsan.



- Tungkol sa mga problema sa pagtugon sa mga konsultasyon mula sa mga dayuhang kabilang, maliban sa mga sumagot ng "Walang partikular na problema", higit na nakararami ang mga sagot na "Hindi nakakaunawa ang humihingi ng payo sa sistema ng Hapon" (41.1%), "Mahirap magkaintindihan nang wasto dahil sa problema sa wika" (37.7%), at "Mahirap unawain ang problema dahil sa pagkakaiba ng kultura at mga halaga" (29.2%).
- Tungkol sa pagtugon sa pagtanggap ng konsultasyon mula sa mga dayuhang kabilang, ang karamihan ng naging sagot, ayon sa pagkakasunod-sunod, ay "Tumutugon gamit ang umiiral na sistema o kawani sa loob ng kumpanya" (61.9%), "Ginagamt at ipinapakilala ang iba't ibang serbisyong may kaugnayan sa pagkuha ng impormasyong kailangan para sa paninirahan sa Japan" (53.2%), at "Pinagsisikapang magkaroon ng pagsusuri at pagpapakilala sa sistema para sa paglulutas ng problema sa loob ng kumpanya" (42.9%). Bukod pa rito, kapag bumababa ang bilang ng mga dayuhang kabilang sa isang kumpanya, malamang na bumaba ang porsyento ng mga tugon para sa maraming opsyon.




Pangunahing Survey para sa mga Dayuhang Residente sa FY2023


– Pangunahing resulta, Institusyong kinabibilangan (4) (Tagapagbigay ng suporta atbp.(1)) –

- Para sa tanong kung ano ang kailangan para tumugon sa konsultasyon, ang karamihan ng sagot, ayon sa pagkakasunod-sunod, ay “Kaalaman sa sistema ng katayuan ng paninirahan” (76.9%), “Kaalaman tungkol sa mga sistemang panlipunan tulad ng buwis at pensiyon” (69.5%) at “Kakayahan sa komunikasyon” (62.7%). Kasama ang “Kakayahan sa iba’t ibang wika” (57.3%), ang mga kasanayan sa pakikipag-usap at wika ay mataas ang ranggo kumpara sa kung ano ang inaasahan ng mga dayuhang residente sa isang tagapayo.
- Para sa tanong kung makabubuti para sa iyong kumpanya na magkaroon ng isang taong dalubhasa sa pagpapayo at pagsuporta sa mga dayuhan (mula rito ay tinutukoy bilang “tagapagbigay ng suporta”), o sa tanong na kung gustong lumahok o magpadala ng tao sa pagsasanay para sa pagpapayo at pagsuporta sa mga dayuhan, humigit-kumulang 80% ng respondente ang nagbigay ng positibong sagot (“Oo, sa palagay ko” + “Kung pipili ng isa, oo”). Bagama’t ang porsyento ng mga respondente na sumagot ng positibo ay medyo mababa sa mga institusyong kinabibilangan na kaunti ang mga dayuhang kabilang, humigit-kumulang 70% ng mga respondente ang sumagot ng positibo.
- Tungkol sa mahalagang bagay sa pagsasanay para sa pagpapayo at pagsuporta sa mga dayuhan, ang pinakamaraming sagot ay “Ang mga pampublikong institusyon ay magbibigay ng pagsasanay” (42.9%).


Kinakailangan sa pagtugon sa konsultasyon




Mahalagang bagay sa pagsasanay para sa pagpapayo at pagsuporta sa mga dayuhan



Makabubuti ba kung may tagapagbigay suporta sa kumpanya?



Gusto mo bang lumahok o magpadala ng tao sa pagsasanay para sa pagpapayo at pagsuporta sa mga dayuhan?







Batay sa bilang ng dayuhang kabilang/Sinipi

	Oo, sa palagay ko + Kung pipili ng isa, oo	Hindi, sa palagay ko + Kung pipili ng isa, hindi
1-10 katao (n=169)	68.6%	15.4%
11-50 katao (n=100)	77.0%	15.0%
101-500 katao (n=157)	95.5%	3.2%

Batay sa bilang ng dayuhang kabilang/Sinipi

	Oo, sa palagay ko + Kung pipili ng isa, oo	Hindi, sa palagay ko + Kung pipili ng isa, hindi
1-10 katao (n=169)	67.4%	18.9%
11-50 katao (n=100)	74.0%	13.0%
101-500 katao (n=157)	88.5%	6.4%

- 53.0% ng respondente ang sumagot ng “Pagsasanay (ilang araw hanggang mas mababa sa 6 na buwan)” bilang pinakamabuting paraan para sa pagbuo ng tagapagbigay ng suporta sa bansa.
- Kapag kukuha ng mga tauhang tagapagbigay ng suporta, ang pinakakaraniwang tugon, sa 46.6%, ay “May pareho o mas mataas na kakayahan kaysa sa mga tauhan na nagtatrabaho sa mga pampublikong institusyon upang magbigay ng mga serbisyo sa konsultasyon sa mga dayuhan”.
- Sa tanong na kung kailangan ng mga tagapagbigay ng suporta ng pagsasanay upang i-update ang kanilang kaalaman sa mga sistema at impormasyon, 89.5% ng respondente ang sumagot ng “Oo, sa palagay ko” at “Kung pipili ng isa, oo”.
- Kasalukuyang isinasaalang-alang ng Immigration Services Agency ang “Foreigner Support Coordinator”, isang taong maaaring mag-ugnay sa mga dayuhang may mga problema sa kanilang pang-araw-araw na buhay sa naaangkop na suporta. 71.9% ng respondente at sumagot ng “Oo, sa palagay ko” + “Kung piili ng isa, oo” sa tanong kung gustong magpadala ng tauhan sa pagsasanay o kumuha ng kalahok kapag magiging posibleng lumahok sa pagsasanay ng Foreign Support Coordinator.



Batay sa uri ng industriya/Sinipi

	Oo, sa palagay ko+ Kung pipili ng isa, oo	Hindi , sa palagay ko+ Kung pipili ng isa, hindi
Edukasyon, Suporta sa pag-aaral (n=192)	75.0%	11.5%
Pag-mamanupaktura (n=93)	59.1%	26.9%
Iba pang uri (n=126)	71.4%	14.3%

Batay sa uri ng negosyo/Sinipi

	Oo, sa palagay ko+ Kung pipili ng isa, oo	Hindi , sa palagay ko+ Kung pipili ng isa, hindi
Institusyong pang-edukasyon (n=191)	77.0%	9.4%
Organisasyong nangangasiwa (n=95)	86.3%	6.3%
Korporasyon (para sa kita) (n=220)	60.9%	22.3%

Batay sa bilang ng dayuhang kabilang/Sinipi

	Oo, sa palagay ko+ Kung pipili ng isa, oo	Hindi , sa palagay ko+ Kung pipili ng isa, hindi
1-10 katao (n=169)	57.4%	23.7%
11-50 katao (n=100)	67.0%	21.0%
101-500 katao (n=157)	84.1%	7.0%

Higit sa 50% sa lahat ng katangian ang sumagot ng “Oo, sa palagay ko” + “Kung pipili ng isa, oo”.

Pangunahing Survey para sa mga Dayuhang Residente sa FY2023

– Malayang pagsagot, Institusyong kinabibilangan, atbp. –

■ Itinanong sa survey na ito ang tanong na maaaring sagutin sa pamamagitan ng malayang pagsulat na nagtatanong kung “Anong uri ng suporta o pagsisikap sa tingin mo ang kailangan upang malutas ang mga problemang kinakaharap ng mga dayuhang nagtatrabaho sa iyong kumpanya?”. Nasa ibaba ang ilang mga sipi mula sa mga sagot. At inayos ang mga maliwanag na mali, kulang na titik, o mga impormasyong maaaring makilala ang indibidwal o organisasyon, at maaaring sinipi ang ilang bahagi lamang ng natanggap na opinyon.

Opinyon, Kahilingan, atbp.

- Tanggapan ng Konsultasyon atbp.
 - Gusto kong malutas ang mga problema sa pamamagitan ng isang tanggapan. Halimbawa, kapag makikipag-ugnayan ka sa Munisipyo para sa payo sa buwis, maaari kang hilingin na makipag-ugnayan sa tanggapan ng buwis, o kung makikipag-ugnayan ka sa Japan Technical Intern Training Organization para sa kumpirmasyon ng sistema, maaari kang hilingin na magtanong sa Imigrasyon, may mga pagkakataong kailangang makipag-ugnayan sa ilang tanggapan. Dahil dito, mabuti siguro na magkaroon ng komprehensibong tanggapan ng pakikipag-ugnay.
 - Madalas na naipapasa ang mga problema sa pagitan ng mga kaugnay na organisasyon, kaya kailangan nating pagbutihin ang bertikal na dibisyon. Paglililaw ng paghahati ng tungkulin. Pag-promote ng online na pangangasiwa na may pag-unawa na ang kausap nila ang mga dayuhan.
 - Nakatanggap kami ng maraming katanungan tungkol sa pagbubuntis, panganganak, pangangalaga ng anak, at pagpasok sa mga nursery school. Bilang karagdagan sa pagbibigay ng mga paliwanag, madalas kaming nagbibigay ng direktang suporta tulad ng paghahanda ng dokumento at mga pagtatanong sa pamahalaan, at habang dumarami ang bilang ng mga dayuhan sa hinaharap, inaasahang tataas din ang bilang ng kinakailangang oras ng trabaho para sa mga ganoong gawain. Sa ganitong sitwasyon, nararamdaman ko na kailangan ng isang serye ng suporta na hindi hinahati ng bawat departamento ng bawat administratibo ang parte ng “mula sa panganganak hanggang sa pagpapalaki, pagpasok sa elementarya”.
 - Ang ilan sa mga isyung kinakaharap ng mga dayuhang manggagawa ay maselan, kaya kapag may problema, palagi kaming nakikinig sa magkabilang panig upang matiyak na walang bias, ngunit totoo rin na dumarami ang bilang ng manggagawa na naniniwala sa impormasyon sa social media. Upang makapagbigay ng tumpak na impormasyon sa mga manggagawa, sumasangguni kami sa parehong organisasyong nangangasiwa at mga kaugnay na organisasyon kapag mayroon kaming anumang mga alalahanin, ngunit maraming mga kaso kung saan kami ay ipinapasa lamang. Ang paglutas ng mga problema ay nangangailangan ng bilis, kaya bilang isang organisasyong nangangasiwa, kami ay lubos na nakakaalam ng pangangailangan para sa paglililaw kung aling mga problema ang maaaring malutas at kung saan.
 - Mainam na magkaroon ng isang sistema kung saan ang bawat munisipalidad ay may isang taong may kadalubhasaan sa paghawak ng mga konsultasyon at suporta para sa mga dayuhan, at depende sa problema ng mga dayuhan, maaari silang iugnay sa isang tao (organisasyon) na makakalutas ng problema. Regular na bumibisita ang mga taong may kadalubhasaan sa mga opisina ng negosyo kung saan nagtatrabaho ang mga dayuhan, nakikinig sa anumang problema nila, at tinutugunan ang mga ito.
- Kakayahan/sistema ng tagapayo, atbp.
 - Kailangan ang suporta, tulad ng pagsali sa kanila sa pagsasanay na tutulong sa kanila na magkaroon ng mga espesyal na kasanayan.
 - Mayroong malaking hadlang sa wika para sa mga dayuhan na mamuhay sa kanilang pang-araw-araw na buhay sa Japan. Inaasahan ang suporta para sa pagbuo ng mga paraan ng komunikasyon sa pagitan ng mga taong hindi magaling sa wika ng bawat isa.
 - Kapag may problema ang mga dayuhang estudyante, madalas nilang kumonsulta sa mga kaibigang kababayan at subukang lutasin ito nang mag-isa. Hindi naman ito masama, ngunit may mga pagkakataong posibleng tumugon nang mas naaangkop at mabilis kung aabisuhan ang unibersidad. Naniniwala kami na sa pamamagitan ng paglikha ng isang tanggapan ng konsultasyon at mga tagapayo maaaring malayang lapitan, matutugunan namin ang posibleng maraming alalahanin na kinakaharap ng mga dayuhang estudyante.
 - Sa palagay ko na kailangan ang isang pinuno na mag-uugnay sa mga dayuhan at magsisilbing ugnayan sa mga empleyado ng Hapon (N2 level).
 - Ang kinatawan ay isang dayuhan, at ang mga kumpanya ng grupo ay gumagamit ng maraming dayuhan, kaya ito ay pang-araw-araw na pangyayari. Wala akong maisip dahil pakiramdam ko ay hindi kailangan ng anumang espesyal na pagsisikap.
 - Ang pagsuporta lamang sa mga dayuhan ay maaaring magdulot ng kawalang-kasiyahan sa mga empleyadong Hapon, kaya’t kinakailangan na magkaroon ng balanse.
 - Gusto kong makita ang mga regular na pagpupulong na gaganapin upang magbahagi ng impormasyon sa mga kaso ng mga problemang nagaganap at mga solusyon sa bawat organisasyon, at mga sesyon ng pagsasanay para sa mga tauhan na namamahala sa pakikitungo sa mga dayuhan.
 - Sa tingin ko ay kailangan ng suporta upang magbigay ng mental care sa mga dayuhan sa kanilang sariling wika.
- Pagsusulong ng isang nagkakaisang lipunan
 - Pagsasama-sama ng komunidad: Naniniwala ako na mahalagang palakasin ang ugnayan sa pagitan ng mga dayuhan at lokal na residente at isulong ang magkakasamang buhay sa pamamagitan ng mga kultural na kaganapan, mga aktibidad sa pagsalamuha, pagboboluntaryo sa komunidad, atbp.
 - Ang mga dayuhan ay nahaharap sa iba’t ibang uri ng problema sa pag-iisip, pang-ekonomiya, at kultura sa kanilang paninirahan sa Japan. Hindi lamang para sa mga dayuhan, kailangan din ng pagtuturo sa mga Hapon tungkol sa magkakasamang buhay sa pagtanggap ng mga dayuhan bilang isang lipunan sa hinaharap.
 - Kahit sila mismo ang gumagawa nang tama, gaya ng pag-uuri ng basura, kung hindi tama ang ginagawa ng ibang Hapon, sila ang sinisisi. Tila walang direktang reklamo sa kanila, ngunit masakit sa akin na isipin na maaaring nalantad sila sa iba pang uri ng diskriminasyon. Gusto kong makitang wakasan ang mga ideyang may diskriminasyon laban sa mga dayuhan.
- Kahilingan sa gobyerno atbp.
 - Makakatulong kung ang impormasyon sa mga website ng bawat ministeryo at ahensya ay maaaring gawing bilingual sa Japanese at English. Madalas kong iniisip na nais ko sanang sumangguni sila sa mga website ng National Tax Agency o ng Ministry of Health, Labor and Welfare upang ipaliwanag ang sistema.
 - Lubos akong nagpapasalamat kung maaari kang magsagawa ng mga sesyon ng pagsasanay upang matulungan ang mga tao na maunawaan ang batas sa pagkontrol sa Imigrasyon.
 - Kung mayroong mga mga bagay na dapat tandaan gaya ng “Mga dapat tandaan sa buhay para sa mga may visa ng estudyante!” (na dapat ipaalam sa lahat), gusto naming gumawa ng flyer tungkol dito at ipamigay sa mga dayuhang estudyante upang maipalam ito sa kanila. Inaasahan namin na ipaalam ninyo sa lahat sa pamamagitan ng paggawa ng flyer. Halimbawa, kung ano ang visa ng estudyante, kailangan ng (permiso sa aktibidad) sa labas ng kwalipikasyon upang magtrabaho nang part-time, paraan ng pamamaraan ng special re-entry permit (paglabas/pasok ng bansa sa pamamagitan ng permiso), atbp.
 - Lubhang nakakatulong ang Guidebook sa Pamumuhay at Pagtatrabaho na makukuha sa website ng Immigration Services Agency.
 - Gusto kong kumuha ng mga dayuhan bilang mga manggagawa, ngunit nahihirapan akong maghanap ng pabahay para sa mga dayuhan. Ang mga empleyado sa aming mga opisina ay kasalukuyang humahawak ng suporta sa wikang banyaga ng mga lokal na pamahalaan at suporta ng post office (notipikasyon ng absent), at iba pa. Kailangang pagbutihin ang serbisyong pampubliko para sa mga dayuhan.